

Paraan sa Pamimili sa COVID-19 para sa paaralan at bahay alagaan ng bata

Bersyon 5: Mayo 31, 2021

Ang mga mag-aaral at mga bata ay kailangang dumaan sa paraan sa pamimili para sa COVID-19 bago pumasok sa paaralan o sa bahay alagaan ng bata. Maaaring humalili ang mga magulang/ tagapag-alaga sa kapakanan ng bata.

Petsa (mm-dd-yyyy) _____

Mga tanong sa Pamimili

- 1. Sa nakaraang 14 na araw, bumiyaha ba sa labas ng Canada ang mag-aaral/bata?** Oo Hindi

Kung di-sakop sa pangangailangang mag-kuwarantenas mula sa pederal, piliin ang "Hindi"
 - 2. Pinagsabihan ba kayo ng doktor, tagapangalaga sa kalusugan, o yunit ng pampublikong kalusugan na ang mag-aaral/bata ay dapat kasalukuyang nakabukod (manatili sa bahay)?** Oo Hindi

Ito ay maaaring dahil sa biglaang paglitaw o pagtunton ng pinagmulan.
 - 3. Sa nakaraang 14 na araw, nakilala ba ang mag-aaral/bata bilang "malapit na nakitungo" sa isang tao na kasalukuyang mayroong COVID-19?** Oo Hindi
 - 4. Sa nakaraang 14 na araw, ang mag-aaral /bata ba ay nakatanggap ng pabatid na Babalang pagkalantad sa COVID sa kanilang cell phone?** Oo Hindi

Kung sila ay nagpasuri na at nakakuha ng negatibong resulta, piliin ang "Hindi"
 - 5. Ang mag-aaral/bata ay kasalukuyan bang nakakaranas ng anuman sa mga sintomas na ito?** Oo Hindi

Pumili ng anuman/lahat ng bagong, lumalala, at hindi nauugnay sa anumang sanhi o kondisyong mayroon na sila.
-
- Lagnat at/o pangiginig** Oo Hindi
Temperatura na 37.8 degrees Celsius/100 degrees Fahrenheit o higit pa
-
- Ubo o kumakahol na ubo (croup)** Oo Hindi
Patuloy, higit sa karaniwang tunog ng pumipitong ingay kapag humihinga (hindi nauugnay sa asthma, pagkatapos magkaimpeksyon sa daanan ng hangin, o sa kilalang mga sanhi o mga kondisyong mayroon na sila)
-
- Kakapusan ng hininga** Oo Hindi
Humihingal, hirap huminga nang malalim (hindi nauugnay sa asthma o ibang kilalang mga sanhi o mga kondisyong mayroon na sila)
-
- Nabawasan o nawalan ng panlasa o pang-amoy** Oo Hindi
Hindi nauugnay sa pamanahong mga allergy, sakit na niyurolohikal, o ibang alam na mga sanhi o kondisyong mayroon na sila
-
- Masakit na lalamunan o kahirapang lumunok** Oo Hindi
Masakit lumunok (hindi nauugnay sa pamanahong mga allergy, acid reflux, o ibang mga alam na sanhi o mga kondisyong mayroon na sila)
-
- Sinisipon o baradong ilong** Oo Hindi
Hindi nauugnay sa pamanahong mga allergy, kapag nasa labas sa malamig na panahon, o ibang alam na sanhi o mga kondisyong mayroon na sila

Sakit ng ulo

Di-karaniwan, nagtatagal (hindi nauugnay sa tensyon na uri ng sakit ng ulo, matinding pauli-ulit na sakit ng ulo at may kasamang kaibigang masuka, o ibang alam na mga sanhi o mga kondisyong mayroon na sila)

Oo Hindi

Kung ang mag-aaral/bata ay nabakunahan na para sa COVID-19 sa nakalipas na 48 oras at nakakaranas ng katamtamang sakit ng ulo na nagsimula lamang pagkatapos mabakunahan, piliin ang "Hindi."

Pagduduwal, pagsusuka at/o pagtatae

Hindi nauugnay sa irritable bowel syndrome, pagkabalisa, pulikat dahil sa regla, o ibang alam na mga sanhi o mga kondisyong mayroon na sila

Oo Hindi

Labis na kapaguran o masakit na kalamnan

Bihirang, kapaguran, kulang sa enerhiya, hindi magandang pagpapakain sa mga sanggol (hindi nauugnay sa kalungkutan, insomya, thyroid disfunction, biglaang pinsala, o ibang alam na sanhi o mga kondisyong mayroon na sila)

Oo Hindi

Kung ang mag-aaral/bata ay nabakunahan na para sa COVID-19 sa nakalipas na 48 oras at nakakaranas ng katamtamang kapaguran at/o katamtamang sakit sa kalamnan/sakit sa kasukasuan na nagsimula pagkatapos mabakunahan, piliin ang "Hindi."

6. May kasama ba sa bahay ang mag-aaral/bata na kasulukuyang nakakaranas ng anumang bagong sintomas ng COVID-19 at/o hinihintay ang mga resulta ng pagpapasuri pagkatapos makaranas ng mga sintomas na ito?

Oo Hindi

Kung ang indibidwal ay nakakaranas ng mga sintomas pagkatapos mabakunahan para sa COVID-19 sa nakalipas na 48 oras at nakakaranas ng katamtamang sakit sa ulo, kapaguran, sakit sa kalamnan, at/o sakit sa kasukasuan na nagsimula lamang pagkatapos mabakunahan piliin ang "Hindi."

Mga resulta ng mga tanong sa pamimili

**Kung ang sagot ninyo ay "OO" sa tanong 1 o 3 huwag pumasok sa paaralan o sa bahay alagaan ng bata.**

- Ang mag-aaral/bata ay dapat ibukod ang sarili (manatili sa bahay) ng 14 araw at huwag lumabas maliban kung magpapasuri o ito ay medikal na emerhensiya.
- Kung ang sagot ninyo ay **"OO" sa tanong 1**, sundin ay payo ng pampublikong kalusugan. Ang mag-aaral/bata ay maaaring bumalik sa paaralan/bahay alagaan ng bata pagkatapos silang pahintulutan ng inyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan.
- Kung ang sagot ninyo ay **"OO" sa tanong 3**, makipag-usap sa doktor/tagapagbigay-alaga ng kalusugan upang humingi ng payo o magpatingin, kabilang na rin ang pangangailangan ng pagpapasuri ng COVID-19. Ang mag-aaral/bata ay maaaring bumalik sa paaralan/bahay alagaan ng bata pagkatapos lamang ng 14 araw, kahit makakuha sila ng negatibong resulta ng pagsusuri.
 - Kung kayo ay nakatira sa partikular na lugar ng probinsya tulad ng Toronto o Peel, ang mga magkakapatid o ibang tao sa inyong sambahayan ay dapat manatili sa bahay nang 14 araw. Ito ay dahil sa lokal na mga panganib na dahilan.
 - Kung kayo ay nakatira sa ibang lugar ng Ontario, maaaring pumasok ang mga magkakapatid at ibang tao sa inyong sambahayan sa paaralan, bahay alagaan ng bata o trabaho, nguni't dapat hindi lumabas ng bahay para sa ibang di-mahalagang dahilan. Tanungin ag inyong paaralan/bahay alagaan ng bata para sa karagdagang impormasyon.
- Kung sila ay nagkaroon ng mga sintomas o naging positibo sa pagsusuri, tawagan ang inyong lokal na pampublikong yunit ng kalusugan o doktor/tagapag-alaga ng kalusugan para sa karagdagang payo.
- Tawagan ang inyong paaralan/bahay alagaan ng bata at ipaalam sa kanila ang tungkol sa resulta.

**Kung ang sagot ninyo ay "OO" sa tanong 2 huwag pumasok sa paaralan o sa bahay alagaan ng bata.**

- Ang mag-aaral/bata ay dapat ibukod ang sarili (manatili sa bahay) at huwag lumabas maliban lang kung ito ay medikal na emerhensiya.
- Sundin ang payo ng pampublikong kalusugan. Ang mag-aaral/bata ay maaaring bumalik sa paaralan/bahay alagaan ng bata pagkatapos silang pahintulutan ng lokal na yunit ng pampublikong kalusugan.
- Kung sila ay nagkaroon ng mga sintomas, tawagan ang inyong lokal na pampublikong yunit ng kalusugan o doktor/tagapag-alaga ng kalusugan para sa karagdagang payo.
- Kung kayo ay nakatira sa partikular na lugar sa probinsya tulad ng Toronto o Peel, ang mga magkakapatid o ibang tao sa inyong sambahayan ay dapat manatili sa bahay. Ito ay dahil sa lokal na mga panganib na dahilan.

- Kung kayo ay nakatira sa ibang lugar ng Ontario, maaaring pumasok ang mga magkakapatid at ibang tao sa inyong sambahayan sa paaralan, bahay alagaan ng bata o trabaho, nguni't dapat hindi lumabas ng bahay para sa ibang di-mahalagang dahilan. Tanungin ag inyong paaralan/bahay alagaan ng bata para sa karagdagang impormasyon.
- Tawagan ang inyong paaralan/bahay alagaan ng bata at ipaalam sa kanila ang tungkol sa resulta.

- !** **Kung ang sagot ninyo ay "OO" sa tanong 4 huwag pumasok sa paaralan o sa bahay alagaan ng bata.**
- Ang mag-aaral/bata ay dapat ibukod ang sarili (manatili sa bahay) at huwag lumabas maliban lang kung ito ay medikal na emerhensiya.
 - Bumisita sa isang sentro ng pagsusuri at ipasuri sila para sa COVID-19.
 - Kung sila ay nasuring negatibo (wala sila nitong virus), maaari silang bumalik sa paaralan/bahay alagaan ng bata.
 - Kung sila ay nasuring positibo (nakuha nila ang virus), makababalik lamang sila kapag napahintulutan ng lokal na yunit ng pampublikong kalusugan.
 - Kung sila ay nagkaroon ng mga sintomas, tawagan ang inyong lokal na pampublikong yunit ng kalusugan o doktor/tagapagbigay ng pangangalaga ng kalusugan para sa karagdagang payo.
 - Ang mga magkakapatid o ibang tao sa inyong sambahayan ay maaaring pumasok sa paaralan, bahay alagaan ng bata o trabaho, nguni't hindi dapat lumabas ng bahay para sa ibang di-mahalagang dahilan hangga't ang indibidwal na nakatanggap ng babalang COVID ay nagnegatibo ang resulta ng pagsusuri, o pinahintulutan ng lokal na yunit ng pampublikong kalusugan.
 - Tawagan ang inyong paaralan/bahay alagaan ng bata at ipaalam sa kanila ang tungkol sa resulta

- !** **Kung ang sagot ninyo ay "OO" sa anumang mga sintomas na kabilang sa tanong 5 o tanong 6 huwag pumasok sa paaralan o sa bahay alagaan ng bata.**
- Ang mag-aaral/bata at dapat bumukod (manatili sa bahay) at hindi dapat lumabas maliban lang kung magpapasuri o para sa medikal ng emerhensiya.
 - Kung ang sagot ninyo ay **"OO" sa tanong 5**, makipag-usap sa doktor/tagapag-alaga ng kalusugan upang humingi ng payo o magpatingin, kabilang na rin ang pangangailangan ng pagpapasuri ng COVID-19.
 - Kung ang sagot ninyo ay **"OO" sa tanong 6**, ang mag-aaral/bata ay maaaring bumalik sa paaralan o bahay alagaan ng bata pagkatapos makakuha ang indibidwal ng negatibong resulta ng pagsusuri ng COVID-19, o pinahintulutan ng lokal na yunit ng pampublikong kalusugan, o ibang sakit ang nasuri.
 - Ang mga magkakapatid o ibang tao sa inyong sambahayan ay dapat manatili sa bahay hangga't ang mag-aaral/bata na may mga sintomas o ang indibidwal ay nasuring negatibo, o pinahintulutan ng lokal na yunit ng pampublikong kalusugan, o ibang sakit ang nasuri.
 - Tawagan ang inyong paaralan/bahay alagaan ng bata at ipaalam sa kanila ang tungkol sa resulta.

- ✓** **Kung ang sagot ninyo ay "HINDI" sa lahat ng mga tanong, ang inyong anak ay maaaring pumasok sa paaralan/bahay alagaan ng bata dahil sila ay mukhang malusog at hindi nalantad sa COVID-19. Sundin ang inyong paaralan/bahay alagaan ng bata sa kanilang naitatag na proseso ng pagpapaalam sa mga tauhan ang tungkol sa mga resultang ito (kung angkop).**

Kung ang mag-aaral/bata ay nabakunahan na para sa COVID-19 sa nakalipas na 48 oras at mayroong katamtamang sakit ng ulo, kapaguran, sakit sa kalamnan at/o sakit sa kasukasuan na nagsimula lamang pagkatapos mabakunahan, at walang ibang mga sintomas, sila are dapat magsuot ng tamang sukat ng mask sa buong oras na sila ay nasa paaralan/bahay alagaan ng bata. Ang kanilang mask ay dapat tanggalin kapag kakain o iinom at dapat manatiling dalawang metrong layo sa iba kapag tinanggal na nila ang kanilang mask. Kapag lumala ang mga sintomas, at nagpatuloy nang lampas 48 oras, o kung nagkaroon ng ibang mga sintomas, dapat silang agarang umalis sa paaralan/bahay alagaan ng bata upang ibukod ang sarili at magpasuri ng COVID-19.

Pampublikong Kalusugan ng Ontario - Pagtunton ng Pinagmulan

Ang pagsasagot sa mga tanong na ito ay hindi sapilitan. Ang impormasyong ito ay gagamitin lamang ng mga opisyal ng Pampublikong Kalusugan para sa pagtunton ng pinagmulan. Lahat ng mga impormasyon ay buburahin sa loob ng 28 araw.

Petsa: _____

Pangalan: _____

Telepono o Email: _____